

God Loves All His Children

By Elder Gregorio E. Casillas
Of the Seventy

Mahal ng Diyos ang Lahat ng Kanyang Anak

Ni Elder Gregorio E. Casillas
Ng Pitumpu

October 2024 general conference

Jesus Christ is always calling upon us, and He uses us, His ordinary servants, to help bring His children to Him.

What does our Heavenly Father desire from you? Do you understand that when you were in your premortal existence, Heavenly Father was preparing you for your life on earth? Speaking to youth, President Russell M. Nelson taught, “Our Heavenly Father has reserved many of His most noble spirits—perhaps ... His finest team—for this final phase.” Because we have been reserved for these latter days, it is crucial for us to learn to be disciples of Jesus Christ.

The Lord Jesus Christ is the Good Shepherd, and He knows His flock, and the flock knows its Shepherd because “he calleth his own sheep by name.” He is always calling upon us, and He uses us, His ordinary servants, to help bring His children to Him.

A while ago, a stake president and I were visiting members of the Church in a local neighborhood. After we finished our scheduled visits, the stake president asked me if we could go see one more family. He felt impressed that we should talk with them.

We knocked on the door, and a sister opened it. She looked at me, but she didn’t know who I was, so she didn’t express much. I pointed my hand toward the stake president, who greeted her by name. As soon as she heard and saw him, she rejoiced. Standing there at the door, they both

Lagi tayong tinatawag ni Jesus, at kinakasangkapan Niya tayo, na Kanyang mga ordinaryong lingkod, upang tumulong sa pagdadala ng Kanyang mga anak sa Kanya.

Ano ang nais ng ating Ama sa Langit mula sa inyo? Nauunawaan ba ninyo na sa buhay ninyo bago kayo isilang, inihahanda kayo ng Ama sa Langit para sa buhay ninyo sa lupa? Sinabi ni Pangulong Nelson sa mga kabataan, “Inireserba ng Ama sa Langit ang marami sa Kanyang pinakamagiging na anak—masasabi kong, ang [Kanyang] pinakamahusay na pangkat—para sa huling yugtong ito.” Dahil inilaan tayo para sa mga huling araw na ito, napakahalaga na matuto tayo na maging mga disipulo ni Jesucristo.

Ang Panginoong Jesucristo ay ang Mabuting Pastol at kilala Niya ang Kanyang kawan, at kilala ng kawan ang Pastol nito dahil “tinatawag niya ang kanyang mga tupa sa pangalan.” Lagi Niya tayong tinatawag, at kinakasangkapan Niya tayo, na Kanyang mga ordinaryong lingkod, upang tumulong sa pagdadala ng Kanyang mga anak sa Kanya.

Kamakailan, binisita namin ng isang stake president ang mga miyembro ng Simbahan sa isang komunidad. Nang matapos namin ang aming mga nakatakdang bisitahin, tinanong ako ng stake president kung puwede kaming pumunta sa isa pang pamilya. Nadama niya na dapat kaming makipag-usap sa kanila.

Kumatok kami sa pinto at binuksan ito ng isang sister. Tumingin siya sa akin, pero hindi niya ako kilala, kaya hindi siya gaanong nagpakita ng emosyon. Itinuro ko ang stake president, na binati siya sa pangalan. Pagkarinig at pagkakita niya rito, agad siyang natuwa. Habang nakatayo

hugged each other and cried together. This set the tone for our visit. We didn't know that the sister had received chemotherapy the day before. She felt too weak to care for her adult son. So I helped the stake president dress her son, and we put him in his wheelchair. We fed him the food that another sweet sister from the ward had brought earlier, and we helped with other tasks. Before we left their home, we were able to bless them.

All that was going through my mind during this visit was a confirmation that Jesus Christ loves them deeply. He understands them and personally knows the pain of their unique situation. Almost the entire visit happened in silence. On this occasion we did not give a big sermon or share our favorite scripture, but the Lord blessed us with His Spirit abundantly.

One of the greatest reasons your Heavenly Father sent you here at this time is so that you can realize your full potential. Preach My Gospel teaches us that as disciples of Christ, we should avoid comparing ourselves to one another. Your spiritual abilities are unique, personal, and innate, and your Heavenly Father wants to help you develop them. There will always be someone you can help feel the love of your Heavenly Father. Your potential is divine. While it's certainly important to prepare yourself to succeed in this very competitive world, one of your crucial missions throughout your life is to become a disciple of Jesus Christ and to follow the impressions of the Spirit. As you do this, God will bless your life; He will bless your current or future family; and He will bless the lives of His children who you encounter.

We live in a time of great opportunity. Although we face many difficulties, I know they are there in part to allow us to help others feel the love of our Heavenly Father. President Nelson taught, "In coming days, we will see the greatest manifestations of the Savior's power that the

sa may pintuan, nagyakapan sila at sabay na umiyak. Ang tagpong ito ang nagpahiwatig ng dahilan kung bakit kami bumisita. Hindi namin alam na kakatapos lang ng chemotherapy ni sister isang araw bago kami dumating. Napakahina niya para alagaan ang kanyang anak na nasa hustong gulang na. Kaya't tinulungan ko ang stake president na bihisan ang anak ni sister, at iniupo namin siya sa kanyang wheelchair. Pinakain namin siya ng pagkaing dinala ng isa pang magmamalasakit na sister mula sa ward, at tumulong kami sa iba pang mga gawain. Bago kami umalis sa kanilang tahanan, binasbasan namin sila.

Naiisip ko nang sandaling iyon na ang pagbisitang ito ay pagpapatunay na mahal na mahal sila ni Jesucristo. Naiintindihan Niya sila at personal na alam ang hirap ng kanilang 'di pangkaraniwang sitwasyon. Ang buong pagbisita ay nangyari nang halos walang nagsasalita. Sa pagkakataong ito hindi kami nagbahagi ng mensahe o ng paborito naming talata sa banal na kasulatan, ngunit sagana kaming pinagpala ng Panginoon ng Kanyang Espiritu.

Isa ito sa pinakamagandang dahilan kung bakit kayo ipinadala ng inyong Ama sa Langit sa panahong ito upang mapagtanto ninyo ang inyong buong potensyal. Itinuturo sa atin ng Mang-aral ng Aking Ebanghelyona bilang mga disipulo ni Cristo, dapat nating iwasang ihambing ang ating sarili sa isa't isa. Ang inyong espirituwal na kakayahan ay kakaiba, personal, at likas, at nais ng inyong Ama sa Langit na tulungan kayong linangin ang mga ito. Laging may isang taong matutulungan ninyong madama ang pagmamahal ng inyong Ama sa Langit. Walang hanggan ang inyong potensyal. Bagama't tiyak na mahal-agang ihanda ang inyong sarili na magtagumpay sa mundong ito na puno ng kompetisyon, isa sa mahahalagang misyon ninyo sa buong buhay ninyo ay maging disipulo ni Jesucristo at sundin ang mga impresyon ng Espiritu. Kapag ginawa ninyo ito, pagpapalain ng Diyos ang inyong buhay, pagpapalain Niya ang inyong pamilya ngayon o sa hinaharap, at pagpapalain Niya ang buhay ng Kanyang mga anak na makikilala ninyo.

Nabubuhay tayo sa panahong puno ng magandang oportunidad. Bagama't maraming paghihirap ang nararanasan natin, alam kong bahagi ang mga iyan upang tulutan tayong tulungang madama ng iba ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit. Itinuro ni Pangulong Nelson: "Sa

world has ever seen.” We have the privilege to watch over people who need a helping hand, an embrace, a feeling of comfort, or for us simply to be with them in silence. If we can help lighten their burdens, even if only for a moment, then we will be able to see the great manifestations of the Savior’s power in their lives.

As disciples of Jesus Christ, Latter-day Saints can make a positive difference in the world. We can provide a sense of joy that is reflected in our countenance—a joy that we share with words of love and acts of kindness. Let us be good neighbors, good employers, good workers. Let us strive to be good Christians at all times.

The Lord has restored His gospel with the necessary ordinances so that Heavenly Father’s children can have all the promises that bind us to Him. By helping our sisters and brothers in their daily challenges, let us also remember to help them make and keep these sacred promises with their Heavenly Father so that He in turn can promise them the richest blessings for this life and for eternity. These promises are only made possible through the Restoration of the gospel of Jesus Christ and His priesthood keys.

In other words, we can help others stay on the covenant path. Some of us deviate from the path from time to time, and so we must remember that for our Heavenly Father we always have the possibility of returning. Even if our course is not the most perfect, the Savior always reminds us, “As oft as [we repent] and [seek] forgiveness, with real intent, [we will be] forgiven.”

One of the crafts of the adversary today is to make us think and believe that there is no way for us to change or that we no longer have hope. This destructive thinking causes many of us to stop trying. And it is at this moment when our love, our words of encouragement and support, our time, and our help can give someone hope

mga darating na araw, masasaksihan natin ang mgapinakadakilangpagpapakita ng kapangyarihan ng Tagapagligtas na hindi pa nasasaksihan ng mundo kailanman.” May pribilehiyo tayong kalingain ang mga taong nangangailangan ng tulong, ng yakap, ng kapanatagan, o ang masamahan lamang natin sila nang tahimik. Kung matutulungan natin na maibsan ang kanilang mga pasanin, kahit sandali lang, makikita natin ang dakilang pagpapakita ng kapangyarihan ng Tagapagligtas sa kanilang buhay.

Bilang mga disipulo ni Jesucristo, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay maaaring makagawa ng magandang kaibhan sa mundo. Maaari tayong magbigay ng kagalakan na makikita sa ating mukha—isang kagalakan na sasabihin natin nang may pagmamahal at kabaitan. Maging mabuti tayong mga kapitbahay, mabuting amo, mabuting manggagawa. Sikapin nating maging mabuting Kristiyano sa lahat ng oras.

Ipinanumbalik ng Panginoon ang Kanyang ebanghelyo sa pamamagitan ng mga kinakailangang ordenansa upang matanggap ng mga anak ng Ama sa Langit ang lahat ng pangakong nagbubuklod sa atin sa Kanya. Sa pagtulong sa ating mga kapatid sa mga pagsubok na nararanasan nila araw-araw, tandaan din nating tulungan silang gawin at tuparin ang mga sagradong pangakong ito sa kanilang Ama sa Langit upang Siya ma’y makapangako sa kanila ng pinakasangang mga pagpapala para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Ang mga pangakong ito ay nagagawa lamang sa pamamagitan ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo at ng Kanyang mga susi ng priesthood.

Sa madaling salita, matutulungan natin ang iba na manatili sa landas ng tipan. Ang ilan sa atin ay lumilihis sa landas paminsan-minsan, kaya dapat nating tandaan na para sa ating Ama sa Langit, lagi tayong may posibilidad na bumalik. Kahit hindi lubos na perpekto ang tinatahak natin, laging ipinaaalala sa atin ng Tagapagligtas na “Kasindalas na [tayo ay nagsisisi] at [humihingi] ng kapatawaran, nang may tunay na layunin, [tayo ay mapapatawad].”

Isa sa mga gawain ng kaaway ngayon ay ang pag-isipin at pagpaniwalain tayo na wala nang paraan para magbago tayo o wala na tayong pagasa. Ang mapanirang pag-iisip na ito ay nagiging sanhi para tumigil sa pagsisikap ang marami sa atin. At ito ang sandali kung kailan ang ating pagmamahal, mga nakahihikayat na salita at

enough to try once more.

Maybe you are thinking, “OK, but who ministers to me?” By going and blessing the lives of our brothers and sisters, we will collect testimonies that will fill our lives with faith in the Lord Jesus Christ. These testimonies will revitalize us to try once more ourselves. The Holy Spirit will revive us and help us with renewed testimonies to continue with our own difficulties and personal trials. Whenever we seek to bless the lives of others, the Lord takes mercy upon us even more; He strengthens us and helps us in our lives.

Please remember that the Lord Jesus Christ is your Savior and understands you personally. He knows what it is to have to fulfill a calling and leave things behind to help the children of God. He has the power to bless you in everything if you believe in Him and do not doubt.

My dear brothers and sisters, on that day when a priesthood leader felt impressed for us to visit a mother and a son that we did not have on our agenda, I proclaim that God knew they needed us. And at the end, I was the one who was ministered to. On that day, I received one of the greatest lessons of the Savior’s love for us.

I testify that Jesus Christ is the Savior of the world, that He lives, that He lived and died for you and me, and that He was resurrected for you and me so that we can aspire to celestial reunions full of joy with those who are already on the other side of the veil. I know that He understands you and me perfectly. He understands each of our difficult moments, and He has the power to help us in those moments when we feel most vulnerable. I know that the Lord Jesus Christ and our Heavenly Father appeared to Joseph Smith to restore the gospel in these days. I know that our dear prophet, President Russell M. Nelson, is a prophet of the Lord, and I testify of these things in the name of Jesus Christ, amen.

suporta, ang ating oras, at ang ating tulong ay maaaring magbigay sa isang tao ng sapat na pag-asa upang sumubok muli’t muli.

Marahil iniisip ninyo, “Okay, pero sino naman ang maglilingkod sa akin?” Sa pagkilos at pagpapala sa buhay ng ating mga kapatid, titipunin natin ang mga patotoo na pupuno sa ating mga buhay ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Ang mga patotoong ito ay magpapasigla sa atin na sumubok ding muli. Pasisiglahin at tutulungan tayo ng Banal na Espiritu na magkaroon ng pinanibagong mga patotoo upang patuloy na kayanin ang ating mga paghihirap at personal na pagsubok. Tuwing hangad nating pagpalain ang buhay ng iba, lalong naaawa sa atin ang Panginoon; pinatitibay at tinutulungan Niya tayo sa ating buhay.

Tandaan lamang na ang Panginoong Jesucristo ang inyong Tagapagligtas at personal kayong nauunawaan. Alam Niya ang pakiramdam ng pangangailangang gumanap ng tungkulin at magsakripisyo para tulungan ang mga anak ng Diyos. May kapangyarihan Siya na pagpalain kayo sa lahat ng bagay, kung naniniwala kayo sa kanya at hindi kayo nag-aalinlangan.

Mahal kong mga kapatid, sa araw na iyon nang mabigyang-inspirasyon ang isang priesthood leader na bisitahin namin ang isang magina na wala sa aming agenda, maipapahayag ko na alam ng Diyos na kailangan nila kami. At sa huli, ako ang napaglingkuran. Sa araw na iyon, natanggap ko ang isa sa pinakamagandang aral ng pagmamahal ng Tagapagligtas para sa atin.

Pinatotohanan ko na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan, na Siya ay buhay, na Siya ay nabuhay at namatay para sa inyo at sa akin, at na Siya ay nabuhay na mag-uli para sa inyo at sa akin upang mahangad natin nang may lubos na kalagalakan ang makalangit na pag-ikita nating muli ng mga nagsipanaw na. Alam kong kayo at ako ay ganap Niyang nauunawaan. Nauunawaan Niya ang bawat mahihirap na sandali natin, at may kapangyarihan Siyang tulungan tayo sa mga sandaling iyon kung saan nadarama natin na pinakamahina tayo. Alam ko na nagpakita ang Panginoong Jesucristo at ang ating Ama sa Langit kay Joseph Smith para ipanumbalik ang ebanghelyo sa mga araw na ito. Alam ko na ang ating mahal na propeta, si Pangulong Russell M. Nelson, ay propeta ng Panginoon, at pinatotohanan ko ang mga bagay na ito sa pangalan ni Jesucristo, amen.